

Part 6: Ang Tungkol Sa Economiya

6.2 SIPAG

Sa unang bahagi ng lesson na ito ay natutunan natin na tayo ay binigyan ng Diyos ng gawain, iyon ay ang magpakarami at punuin ang buong daigdig, at pamahalaan ito. Binigyan din tayo ng Diyos ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa. Ngunit hindi natin magagawa ang lahat ng ito kung tayo ay walang karunungan sa pamamahala.

Sinasabi sa Proverbs 9:10 na ang pagkatakot sa Panginoon ay simula ng karunungan. Kinakailangan ang karunungan sa pagiging mahusay na ekonomista. Bukod sa karunungan, ang mga katangiang taglay ng mahusay na ekonomista ay ang pagiging masigasig at masigla sa trabaho.

Time OUT

1. Ano ang sinabi sa Proverbs 9:10?

2. Ano ang katangiang dapat taglayin ng isang mahusay na ekonomista?

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Magtatagumpay ako kahit hindi ako lumabag sa batas dahil:
	Ang pagiging masigasig at masipag ay magreresulta ng:

PAG-ARALAN:

Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.



Ang Huwarang Maybahay Proverbs 31

Mahirap makakita ng mabuting asawa, higit sa mamahaling alahas ang kanyang halaga. Lubos ang tiwala ng kanyang asawa, at saganang pakinabang ang makakamit niya.

Pinaglilingkuran niya ang asawa habang sila'y nabubuhay, pawang kabutihan ang ginagawa at di kasamaan. Wala siyang tigil sa paggawa, hindi na halos nagpapahinga, humahabi ng kanyang telang lino at lana. Tulad ng isang barkong puno ng kalakal, siya ay nag-uuwi ng pagkain mula sa malayong lugar.

Bago pa sumikat ang araw ay inihahanda na ang pagkain ng buo niyang sambahayan, pati na ang gawain ng mga katulong sa bahay. Mataman niyang tinitingnan ang bukid bago siya magbayad, ang kanyang naiimpok ay ipinagpapatanim ng ubas. Gayunma'y naiingatan ang kamay at katawan upang matupad ang lahat ng kanyang tungkulin araw-araw.

Sa kanya'y mahalaga ang bawat ginagawa, hanggang hatinggabi'y makikitang nagtitiyaga. Siya'y gumagawa ng mga sinulid, at humahabi ng sariling damit. Matulungin siya sa mahirap, at sa nangangailanga'y bukas ang palad.

Hindi siya nag-aalala dumating man ang tagginaw, pagkat ang sambahayan niya'y may makapal na kasuotan. Gumagawa siya ng makakapal na sapin sa higaan at damit na pinong lino ang sinusuo niya.

Ang kanyang asawa'y kilala sa lipunan at nahahanay sa mga pangunahing mamamayan. Gumagawa pa rin siya ng iba pang kasuotan at ipinagbili sa mga mangangalakal. Marangal at kapita-pitagan ang kanyang kaanyuan at wala siyang pangamba sa bukas na darating. Ang mga salita niya ay puspos ng karunungan at ang turo niya ay pawang katapatan.

Sinusubaybayan niyang mabuti ang kanyang sambahayan at hindi tunitigil sa paggawa araw-araw. Iginagalang siya ng kanyang mga anak at pinupuri ng kanyang kabiyak: "Maraming babae na mabuting asawa, ngunit sa kanila'y nakahihigit ka." Mandaraya ang pang-akit at kumukupas ang ganda, ngunit ang babaing gumagalang at sumusunod sa Diyos ay pararangalan.

Ibigay sa kanya ang lahat ng parangal, karapat-dapat siya sa papuri ng bayan.

- Itala ang mga katangian ng isang huwarang maybahay.

- Ano ang mapapala ng babaeng gumagalang at sumusunod sa Diyos?

PAG-USAPAN:

Magtatagumpay ba ang isang Pilipino kung hindi siya lalabag sa batas?

Dito sa ating bansa, marami ang nagtatagumpay na hindi nila kailangang lumabag sa batas. Ang mga kabataang nag-aaral ng husto at nakakapagtapos ng kanilang pag-aaral ay nakaka-paghanap ng magandang trabaho hanggang sa sila ay nagiging matagumpay. At ang iba naman ay nagiging matalino sapagkat bukod sa kanilang regular na trabaho, nag-i-invest pa sila sa ibang negosyo o di kaya'y nakakapag-isip sila ng mga raket katulad ng online selling. Maaaring maliit ang kita sa simula ngunit sila ay hindi nakatunganga lang.

Ngunit alam naman natin na hindi lahat ay nagtatagumpay kaya't marami pa rin sa atin ang kailangang lumabag sa batas.



Dahil alam natin na marami ang nagtatagumpay sa paghahanap-buhay, hindi natin maaaring tanggapin ang dahilan ng mga tamad na wala namang makitang trabaho dito sa atin kahit maghanap man sila. Hindi rin dapat tanggapin ang dahilan na napakababa naman ng pasuweldo dito sa ating bansa.

Isang babalang taglay ng Proverbs 6:6-11 ay ito: Tamad, tumingin ka sa mga langgam, pagmasdan mo ang kanilang pamamaraan at maging marunong ka rin. Ang mga langgam ay walang mga supervisors at managers tulad ng tao, subalit sila ay gumagalaw ng may kaayusan; walang napagmamasdang kaguluhan sa kanilang pagkilos. Alam ng bawat isa sa kanilang lipunan ang kani-kanilang tungkulin. Nakapag-iipon sila ng pagkain para sa kanilang kabuuan habang hindi pa tag-ulan. Gaano ka katagal magpapahila-hilata diyan, batugan? Kailan ka



babangon sa iyong pagkakahimbing? Konting tulog, konting idlip, konting himlay – at ang paghihikahos ay darating na parang mandarambong, ang pagiging-salat na parang tulisan.

Sa pagdaan ng mga araw, ang pananim ni Jenny ay patuloy niyang inaalagaan sa pamamagitan ng pagdadagdag dito ng lupa at pagdidilig bago siya pumasok sa eskwelahan at pag-uwi sa bahay. Isang araw, sa hindi inaasahang pangyayari, napag-alaman nila na may pandemyang kumakalat at ito ay kumalat na sa iba't-ibang lugar. Nag-annunsiyo ang gobyerno na ang mga estudyante ay hindi muna pinapapasok sa eskwelahan ganoon rin ang mga empleyado para sa kanilang kaligtasan. Dahil dito, nagkaroon din ng panic buying sa mga supermarket at palengke. Si Jenny at ang kanyang pamilya ay handa sa hindi inaasahang pangyayaring ito. Sila ay may sapat na stocks ng pagkain at nagpapasalamat din si Jenny dahil siya, katulong ang kanyang mga kapatid ay nakapagtanim ng mga gulay. Kung maubusan man sila ng stock ng pagkain, sila ay may pananim na mapagkukuhanan. Ngunit si Jenny ay nangamba sa kalagayan ng kanyang mga kaibigan at kaklase kaya't naisip niyang ibahagi sa kanila ang kanyang ginawang pagtanim. Dahil sa hindi makalabas si Jenny, tinuruan niya ang kanyang mga kaklase online kung paano ang pagtanim at pag-aalaga sa mga ito. Ganoon rin ang ginawa ng kanyang magulang sa kanilang kapitbahay dahil sa isip nila, lumala man ang pandemya walang magugutom sa kanila. Mabuti ang naging resulta ng kasipagan ni Jenny at ng kanyang pamilya.

Mabuti ba ang ginawa ni Jenny? Si Jenny ba ay katulad rin ng Huwarang Maybahay? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Ang tao ay dapat maging masigasig at masipag sa pagtatrabaho at hindi dapat batugan kung gusto niyang magkaroon ng magandang kinabukasan.

Totoo ang kasabihan ng mga matatanda na kung may itinamin ay may aanihin. Totoo rin ang kasabihan na ang nabubuhay sa lagay ay hindi magkakaroon ng mabuting kalalagyan; at ang nabubuhay sa abot ay walang maaabot na magandang kabuhayan.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Kung ikaw ay isa sa pamilya ni Jenny, paano ka makakatulong sa iyong pamilya at sa iyong kapwa sa oras ng kagipitan?

2. Basahin ang Proverbs 6:1-11, Anong prinsipyo sa buhay ang iyong matutuhan sa talatang ito?

Natutuhan ko na	Magtatagumpay ako kahit hindi ako lumabag sa batas dahil:
	Ang pagiging masigasig at masipag ay magreresulta ng:

Verse of the Day:

Ang kamay na tamad ay tiyak na magiging dukha, ngunit yumayaman ang kamay na masinop. **Proverbs 10:4**